

## Aralin 11 – Integridad 2

Ano ang iyong gagawin kung ikaw ay nasa ganitong sitwasyon?

Ikaw ay empleyado sa isang kumpanya ng pangangalakal. Ang departamento na iyong pinangungunahan ay mababa ang benta. Kailangan mo ng karagdagang *sales representative* na mahusay at malawak ang *network*. Isa sa mga aplikante ay ang pinakamahusay na *sales representative* ng kalabang kumpanya. Sa iyong pag-iinterbyu sa kanya sinabi niya, “*Mayroon akong kopya ng sekreto ng kabilang kumpanya. Naririto lahat ng listahan ng kanilang kliyente. Ibibigay ko ito sa iyo kung kukunin mo ako.*” Agad mong naisip na magbabayaran na naman ng matrikula. Ang tubig at kuryente ay maniningil na naman. Kinakailangan mo ng malaking benta sa buwan na ito upang magkaroon ng malaking komisyon para sa iyong hinuhulangang bahay. Naramdaman mo ang pangangailangan ng sekretong listahan na ito. Paano ka magdedesisyon?

Ang pagkakaroon ng integridad ay makatutulong sa iyo sa pagdedesisyon sa ganitong sitwasyon. Nais kong ipaliwinag sa iyo kung paano magdesisyon ang taong may integridad.

Una, ang taong may integridad ay may pakialam sa kahihinatnan ng iba, mapa kaibigan man o kalaban. Una niyang tanong ay makabubuti ba ito o makasasama sa iba? Mayroon bang mapapahamak o maaagrabyado sa gagawin kong desisyon? Sabi ng Biblia, “*...kung ano ang itinanim... ay siya ring aanihin*” (Taga-Galacia 6:7).

Pangalawa, tinitignan ng taong may integridad ang panandaliang epekto ng kanyang magiging desisyon at ito ay kanyang susukatin sa maaaring maging epekto ng desisyon sa kinahaharap. Katulad sa nabangit na sitwasyon, ang panandaliang epekto ng pagtanggap sa aplikante ay ang pagkakaroon ng listahan ng mga kleyente ng kalabang kumpanya na maaaring mapirata. Ngunit ang posibleng epekto nito sa susunod na panahon ay ang demanda na maaaring isampa ng kalabang kumpanya laban sa iyo sa pagkuha at pag-gamit ng kanilang sekretong dokumento. Isa ring posibleng epekto ay ang pagtatraydor sa iyo ng aplikanteng tinanggap mo. Kung paano siyang nagtraydor sa dati niyang kumpanya, maaari rin niyang gawin sa iyo ito.

Pangatlo, ang desisyon ng taong may integridad ay sumasang-ayon sa moralidad na itinakda ng Salita ng Diyos. Kung ang moralidad na itinakda ng Diyos ay makokompormiso, ito ay di niya papayagang mangyari.

Ang tatlong prinsipyong ito ay maaari rin nating maging gabay sa ating pagdedesisyon. Nawa’y lahat tayo ay patuloy na lumakad na may integredad.

*“Maigi ang dukha na lumalakad sa kaniyang pagtatapat (integredad), kay sa suwail sa kaniyang mga lakad, bagaman siya’y mayaman.” - Kawikaan 28:6 TAB*

## **Pagbulay-bulayan at Gawin**

1. Sa tatlo nating napag-usapan, anong prinsipyo ng pagdedesisyon ang lubhang nakakuha ng iyong pansin? Bakit?
2. Anong pagbabago ang iyong gagawin sa iyong pagdedesisyon?
3. Paano makakaapekto sa ating komunidad ang pagdedesisyon na may integridad?